



I. NILALAMAN:

Ang paggamit ng **electronic spreadsheet** ay nakatutulong upang mapadali at mapabilis ang pagbuo ng mga datos gamit ang mga function at formula. Mahalagang pag-aralan ito upang makatulong sa mabilis na pagtutuos o paggawa ng spreadsheet para sa iba pang mga bagay.

II. LAYUNIN:

1. Naiisa-isa ang mga basic function at formula sa electronic spreadsheet na ginagamit sa paglalagom ng mga datos.
2. Nakagagamit ng mga basic function at formula sa electronic spreadsheet upang malagom ang datos.
3. Naipamamalas ang speed at accuracy gamit ang mga basic function at formula sa electronic spreadsheet.

III. PAKSANG ARALIN:

Paksa: Paglalagom ng Datos Gamit ang mga Basic Function at Formula sa *Electronic Spreadsheet* (2 days)

Sanggunian: Modyul, Aralin K to 12 – EPP5IE-0f-16

Kagamitan: powerpoint presentation, computer, excel application, meta cards.

Paalala: Ang mga screenshot sa visual guide na nasa LM ay maaring mabago batay sa gamit na operating system (OS).

IV. PANIMULANG PAGTATASA

- Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong tungkol sa paggamit ng basic function at formula sa electronic spreadsheet sa LM p._____

V. PAMAMARAAN:

A. PAGGANYAK

1. Relay Game “Tuos Puso”

- Bumuo ng apat na grupo na mayroong tiglimang miyembro. Bawat isang miyembro ay magtutuos at isusulat ang sagot sa meta card na hugis puso bago ipapasa sa susunod na miyembro. Sa loob ng limang minuto ay kailangang maipaskil ng bawat grupo ang kanilang sagot. Ang may pinakamaraming tamang sagot na may pinakamaikling oras ang siyang mananalo.

2. Ipasagot ang sumusunod na tanong:

- Naging mabilis ba ng inyong pagtutuos? Ipaliwanag ang karanasan.
- Kung kayo ay nahirapan, magbigay ng mga gamit o tools na pwedeng makatulong mapabilis ang pagtutuos?

3. Tanggaping lahat ang sagot ng mga mag-aaral.

4. Iugnay ang kanilang mga sagot sa paksang tatalakayin: Paglalagom ng datos gamit ang mga Basic Function at Formula sa *Electronic Spreadsheet*

B. PAGLALAHAD

1. Talakayin ang mga basic function at formula sa **electronic spreadsheet** upang malagom ang mga datos gamit ang powerpoint presentation.

2. Isagawa ang sumusunod na gawain. Gabayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga function at formula sa electronic spreadsheet upang malagom ang datos.

Gawain A : Gamit ang formula (Autosum)

Gawain B : Gamit ang mano-manong paggawa ng formula

3. Ipagawa ang Gawin Natin: Magsiyasat Tayo!

a. Bumuo ng apat na pangkat sa klase

b. Ang bawat pangkat ay magsasagawa ng pagsisiyasat sa mga datos

Pangkat I : Age

Pangkat II : Weight

Pangkat III : Grades

Pangkat IV : Canteen's Weekly Sale

note: ang mga datos na sisiyasatin ay matatagpuan sa LM p._____

- c. Magbukas ng electronic spreadsheet
- d. I-encode ang mga datos na siniyasat
- e. Gamitin ang mga function at formula sa electronic spreadsheet upang malagom ang mga datos ng bawat grupo.
- f. Pumili ng kasapi na mag-uulat. Ipresinta ang nalagom na datos sa klase.

C. PAGSASANIB

Itanong sa mga mag-aaral:

- Ano ang maaaring gamiting tool upang mabilis at mapadali ang paglalagom ng mga datos?
- Sa iyong pang-araw araw na pamumuhay, maaari mo bang magamit ang kasanayan sa electronic spreadsheet? Magbigay ng halimbawa.

VI. PAGTATAYA:

A. Pasagutan ang Subukin Mo sa LM p. _____

Susi sa pagwawasto:

- | | |
|------|----------------|
| 1. B | 3. A |
| 2. D | 4. C 5. A |

B. Pasagutan ang Kaya Mo Na Ba sa LM p. _____

(Bilangin ang mga mag-aaral na nagkulang sa mga kasanayang nabanggit. Tukuyin kung anong kasanayan ang di nila natutuhan at bigyan ng mga karagdagang Gawain o reinforcement activities hanggang sa ganap na matutuhan ito.)

VII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN:

- Ipagawa ang mga gawain sa Matuos Tayo! sa LM p. _____

KARADAGANG SANGGUNIAN:

NICDAO, RUTH MERILYN N. (2013). Computer @ Work 6. Neo Asia Publishing Inc.
 ANDES, MHERY-ANN S. , ANDES, ANTONIO Sr. S. (2012). My Computer Book 6.
 National Book Store.
[Http://quipperschool.com](http://quipperschool.com) (K-12 ICT - grade 5)